# *Paano Gumawa ng Tamang Pagpapasya Yugto 6*

Ipagpapatuloy natin ang mensaheng ito upang salitain ang tungkol sa kung paano gawin ang tamang pagpapasya. Sinalita natin sa naunang mensahe kung paanong naawa ang Dios kay David, at kung paano niya ito iniligtas at pinaginhawa mula sa pakikisama ng mga Filisteo sa pakikipaglaban sa hukbo ng Israel. Sa huli si David at ang mga lalaking kasama niya ay pinabalik mula sa larangan ng digmaan. Naawa ang Dios sa kanya, ngunit dinisiplina rin siya ng Dios at pinagbayaran niya ng mga bunga ng pagkukulang na ito. Basahin natin ang ***I Samuel 30*** at ipinaliwanag ang nangyari:

***"1 At nangyari, nang si David at ang kaniyang mga lalake ay dumating sa Siclag, sa ikatlong araw, na ang mga Amalecita ay sumalakay sa Timugan, at sa Siclag, at sinaktan ang Siclag, at sinunog ng apoy; 2 At dinalang bihag ang mga babae at lahat na nandoon, ang maliliit at gayon din ang malalaki; hindi nila pinatay ang sinoman, kundi kanilang pinagdadala, at nagpatuloy ng kanilang lakad.*** (Tingnan mo kung anong nangyari kay David dahil sa kanyang sariling pagpapasya; na siya at ang mga tauhang kasama niya; ang kanilang mga asawa at pamilya ay binihag ng mga Amalekita. Habang si David ay nasa lupain ng Israel binantaan at sinundan siya ni Saul, ngunit walangn nangyaring masama sa kanya ni sa kanyang mga tauhan at sa kanilang pamliya dahil siya ay nasa ilalim ng proteksyon ng Dios. Ngunit nang siya ay lumabas mula sa lugar na inilaan para sa kanya nang walang pahintulot ng Dios at walang direkyon ng Dios may pananagutan siyang malipol. Ipinahintulot ng Dios na mangyari iyon ngunit hindi Niya nilipol si David at walang napatay, dahil ang layunin lamang ng Dios ay ibalik si David upang gawin ang tama. * Kapag ginawa mo ang gusto mo at nagpasiya at kumilos ayon sa iyong kalooban, ilalagay ka ng Dios sa mga kaguluhan dahil sa maling mga pasya at maling hakbang na ginawa mo para mapagtanto mo, para maparusahan ka sa iyong maling pagpapasya at maling mga desisyon na ginawa mo para magsisi ka. * Ilagay din sa iyong isipan na kailangan kang disiplinahin ng Dios kapag ginawa mo ang iyong kagustuhan dahil kapag gumawa ka ng desisyon nang walang patnubay ng Dios kung gayon ang iyong desisyon na iyong ginawa ay hindi lamang laban sa Dios kundi laban sa Kanyang simbahan at magdudulot ng kaguluhan sa Kanyang simbahan) ***3 At nang si David at ang kaniyang mga lalake ay dumating sa bayan, narito, sinunog ng apoy; at ang kanilang mga asawa, at ang kanilang mga anak na lalake at babae ay pinagdadalang bihag. 4 Nang magkagayo'y si David at ang bayan na nasa kaniya ay naglakas ng tinig, at umiyak, hanggang sa sila'y nawalan ng lakas na umiyak.*** (Sa nangyari ay nasaktan silang lahat dahil lahat ng kanilang pamilya ay dinala bilang mga bihag, pati na ang pamilya ni David. Kapag ginawa mo ang kagustuhan mo, masasaktan ka at ilalagay ka sa kapighatian at malalaking problema at magsisimula kang umiyak nang umiyak tulad ng nangyari kay David at sa mga lalaking kasama niya.) ***5 At ang dalawang asawa ni David ay nabihag, si Ahinoam na taga Jezreel, at si Abigail, na asawa ni Nabal, na taga Carmelo. 5 At nagdalamhating totoo si David, sapagka't pinagsasalitaan ng bayan na batuhin siya, sapagka't ang kaluluwa ng buong bayan ay pumanglaw, bawa't tao dahil sa kanikaniyang mga anak na lalake at babae; nguni't si David ay nagpakatibay sa Panginoon niyang Dios.*** (Si David ay lubhang nalungkot nang higit kaysa iba, dahil iniisip ng mga tao na batuhin siya; para sa bawat tao para sa kanyang mga anak na lalaki at babae. Ngunit kinuha ni David ang kanyang lakas sa Panginoon. Sa panahon ng kagipitan kailangan mong matanto at bumalik sa Dios at hilingin sa Kanya na tulungan ka sa iyong mga problema; kailangan mong magsisi mula sa iyong mga kasalanan at humingi ng tawad sa Dios sa iyong ginawang mali, at maging handang itama ang iyong ginawang mali. Ipinahayag ng Kasulatan na si David ay nakatagpo ng lakas at nabuhayan ng loob sa Panginoon niyang Dios nang siya ay bumalik sa Dios at ang katibayan ng kanyang pagbabalik sa Dios ay sa mababasa natin sa susunod na talata.) ***7 At sinabi ni David kay Abiathar na saserdote, na anak ni Ahimelech, Isinasamo ko sa iyo na dalhin mo rito ang epod. At dinala doon ni Abiathar ang epod kay David.*** (Ipinakumbaba rito ni David ang kanyang sarili sa harap ng Dios at sa harap ng saserdote ng Dios, ang saserdoteng si Abiatar; maging siya ang hari, nilapitan niya ang pari sa pamamagitan ng paghingi sa kanya na dalhin ang epod upang magtanong sa pamamagitan niya mula sa Dios. Sa parehong paraan, kailangan mong magpakumbaba sa harap ng Dios at sa harap ng Kanyang simbahan. Kapag ikaw ay nasa problema at nakagawa ng gulo, sa gayo'y lumapit sa Dios sa pagsisisi at humingi ng mga payo at sangguni mula sa Dios habang ikaw ay bumabalik sa Kanyang simbahan at humihingi ng mga payo at sangguni mula sa mga pinuno ng simbahan) ***8 At sumangguni si David sa Panginoon, na nagsasabi, Kung aking habulin ang pulutong na ito, ay akin kayang aabutan sila? At sinagot niya siya, Iyong habulin: sapagka't tunay na iyong aabutan, at walang pagsalang mababawi mo ang lahat.*** (Nang magpakumbaba si David sa harap ng Dios at sa harap ng saserdote na itinakda at inilagay ng Dios sa tabi niya, si David ay tumanggap ng awa at pagsang ayon mula sa Dios. Natanggap niya ang mga pangako ng Dios na babawiin niya ang lahat ng kinuha sa kanya ng kaaway. Sa gayon ding paraan kapag nagpakumbaba ka sa harap ng Dios at sa harap ng pinuno ng simbahan na inilagay ng Dios sa tabi mo upang tulungan kang gumawa ng tamang pagpapasya, sa gayon ay tatanggap ka ng awa at mababawi mo ang inalis sa iyo ng kaaway. Sinagot ng Panginoon ang kahilingan ni David at tiniyak sa kanya na kaya niyang habulin, kunin, at mabawi ang lahat ng nakuha. Kapag nagpakumbaba kayo sa harapan ng Dios, nagsisi at bumalik sa simbahan at hiniling sa mga namumuno ng simbahan na tulungan kayo sa ilang desisyon, tatanggap kayo ng awa mula sa Panginoon; sasagutin ng Dios ang iyong mga panalangin at bibigyan ka niya ng kaginhawaan mula sa iyong mga kaguluhan. Si David nang nagpasya siyang iwanan ang Juda, hindi niya

pinansin ang pagpunta kay Abiathar na pari upang hilingin sa kanya na magtanong para sa kanya mula sa Dios. Kung ginawa niya ang gayon, sasagutin siya ng Dios na manatili sa kinaroroonan niya at huwag lumipat at walang problemang mangyayari.) ***9 Sa gayo'y yumaon si David, siya at ang anim na raang lalake na kasama niya, at naparoon sa batis ng Besor, na kinaroroonan niyaong mga naiwan sa likuran. 10 Nguni't hinabol ni David, niya at ng apat na raang lalake: sapagka't ang dalawang daan natira sa likuran, na mga pata na hindi na nakatawid sa batis ng Besor.*** (Binigyan ng Dios ng lakas ang apat na daan-daang lalaki na makasama si David para mabawi ang mga nawala. Sa parehong paraan kapag nagpakumbaba ka sa harap ng Dios at sa Kanyang simbahan, bibigyan ka Niya ng lakas at bibigyan niya ang ilang kalalakihan na kasama mo ng lakas na sumama sa iyo at labanan ang mabuting pakikibaka laban sa iyong mga kaaway at mga kaaway ng Dios at paging dapatin kang magkaroon ng tagumpay.) ***11 At sila'y nakasumpong ng isang taga Egipto sa parang, at dinala nila siya kay David, at binigyan nila siya ng tinapay, at kumain: at binigyan nila siya ng tubig na mainom: 12 At binigyan nila siya ng isang putol ng binilong igos, at dalawang buwig na ubas; at nang kaniyang makain, ang kaniyang diwa ay nagsauli uli sa kaniya: sapagka't hindi siya nakakain ng tinapay o nakainom man ng tubig, na tatlong araw at tatlong gabi. 13 At sinabi ni David sa kaniya, Kanino ka ba nauukol? at taga saan ka? At sinabi niya, Ako'y isang binatang taga Egipto, bataan ng isang Amalecita; at iniwan ako ng aking panginoon, sapagka't tatlong araw na ako'y nagkasakit. 14 Kami ay sumalakay sa Timugan ng mga Ceretheo, at sa nauukol sa Juda, at sa Timugan ng Caleb; at aming sinunog ng apoy ang Siclag. 15 At sinabi ni David sa kaniya, Ilulusong mo ba ako sa pulutong na ito? At kaniyang sinabi, Ipanumpa mo sa akin ang Dios, hindi mo ako papatayin, o ibibigay man sa mga kamay ng aking panginoon, at aking ilulusong ka sa pulutong na ito.*** (Dito sa paghahanap sa lingkod na ito ng Egipcio gumawa ang Panginoon ng paraan na si David ay maaaring kumuha ng kaalaman tungkol sa kinaroroonan ng kaaway upang siya ay pumunta at hanapin ang mga ito upang mabawi ang kanilang kinuha mula sa kanya. Kapag nagsisi ka ay sasamahan ka ng Dios upang tulungan ka at gagawa Siya ng paraan para mabawi mo at maibalik ang inalis sa iyo ng diablo.) ***16 At nang kaniyang mailusong, narito, sila'y nangangalat sa buong lupa, na nagkakainan at nagiinuman, at nagkakasayahan, dahil sa lahat na malaking samsam na kanilang nakuha sa lupain ng mga Filisteo, at sa lupain ng Juda. 17 At sinaktan ni David sila mula sa pagtatakip silim hanggang sa paglubog ng araw sa sumunod na araw: at walang taong nakatanan sa kanila liban sa apat na raang bataan na nakasakay sa mga kamelyo at tumakas. 18 At binawi ni David ang lahat na nakuha ng mga Amalecita: at iniligtas ni David ang kaniyang dalawang asawa. 19 At walang nagkulang sa kanila, kahit maliit o malaki man, kahit mga anak na lalake o babae man, kahit samsam man, kahit anomang bagay na nakuha nila sa kanila: ibinalik na lahat ni David.*** (Nabawi ni David at ng mga lalaking kasama niya ang lahat nang sumunod sila sa Dios, at tumanggap sila ng malaking samsam. Sa parehong paraan ay bibigyan ka ng Dios ng malaking samsam at magbibigay daan sa iyo upang mabawi ang lahat habang ikaw ay bumabalik sa Kanya at sa Kanyang simbahan.) ***20 At kinuha ni David ang lahat ng kawan at bakahan, na kanilang dinala na nasa unahan niyaong mga ibang hayop, at sinabi, Ito'y samsam ni David.*** (Tingnan dito kapag gumawa ka ng desisyon mula sa Panginoon at Siya mismo ang magpapatnubay sa iyo, kung paano maitutuwid ang mga bagay nang madali at may mahimalang paraan. Mababawi mo ang nawala sa iyo at dadagdagan ka Niya ng higit pang mga pagpapala.) ***21 At naparoon si David sa dalawang daang lalake, na totoong mga pata na hindi nangakasunod kay David, na kanila namang pinatahan sa batis ng Besor; at sila'y lumabas upang salubungin si David, at upang salubungin ang mga taong kasama niya: at nang lumapit si David sa bayan, siya'y bumati sa kanila. 22 Nang magkagayo'y sumagot ang lahat ng masamang tao, at mga tao na hamak, sa mga yumaong kasama ni David, at nagsabi, Sapagka't hindi sila yumaong kasama namin, hindi namin bibigyan sila ng samsam na aming nabawi, liban sa bawa't lalake ay ang kaniyang asawa at ang kaniyang mga anak, upang kanilang dalhin, at yumaon. 23 Nang magkagayo'y sinabi ni David, Huwag ninyong gagawing gayon, mga kapatid ko, sa ibinigay sa atin ng Panginoon, na siyang nagadya sa atin, at nagbigay sa ating kamay ng pulutong na naparito laban sa atin. 24 At sino ang didinig sa inyo sa bagay na ito? sapagka't kung gaano ang bahagi ng lumusong sa pakikipagbaka, ay gayon ang bahagi ng naiwan sa daladalahan: sila'y paraparang magkakabahagi.*** (Nagtrabaho si David dito para mabigyan ng hustisya ang lahat ng mga taong kasama niya nang pantay pantay ang kanyang pagbabahagi ng nasamsam. Bilang pinagpapala ka ng Dios ng mga tagumpay at binigyan ka ng mga samsam, kumilos nang makatarungan upang ipahintulot ang mga pagpapala ng Dios na dumaloy sa iba.) ***25 At nagkagayon, na mula sa araw na yaon, na siya'y gumawa ng isang palatuntunan at ayos sa Israel, hanggang sa araw na ito. 26 At nang dumating si David sa Siclag, siya'y nagpadala ng mga samsam sa mga matanda sa Juda, sa makatuwid baga'y sa kaniyang mga kaibigan, na sinasabi, Narito, ang isang kaloob sa inyo na mula sa samsam sa mga kaaway ng Panginoon;*** (Ibinahagi ni David ang samsam sa Juda at sa iba pa sa kung saan mang lugar siya nagpunta noong araw.) ***27 Sa kanila na nasa Beth-el, at sa kanila na nasa Ramoth ng Timugan, at sa kanila na nasa Jathir; 28 At sa kanila na nasa Aroer, at sa kanila na nasa Siphmoth, at sa kanila na nasa Esthemoa; 29 At sa kanila na nasa Rachal, at sa kanila na nasa mga bayan ng mga Jerameelita, at sa kanila na nasa mga bayan ng mga Cineo; 30 At sa kanila na sa Horma, at sa kanila na nasa Chorasan, at sa kanila na nasa Athach; 31 At sa kanila na nasa Hebron, at sa lahat na dako na karaniwang pinaroroonan ni David at ng kaniyang mga lalake." (1 Samuel 30:1-31 KJV)*** Kapag sumunod ka sa Dios, pagpapalain ka, at magiging pagmumulan ka ng mga pagpapala sa iba sa paligid mo tulad ng ipinangako ng Dios.

* Paano na kayo nngayon? May plano ka bang magsisi at bumalik sa Dios at sa Kanyang simbahan at buksan ang iyong buhay upang payuhan at gabayan ng Dios sa pamamagitan ng Kanyang simbahan. * Suriin ang iyong sarili ngayon at kung saang punto na pag uusapin natin ikaw? Huwag maghintay na sa punto na ikaw ay ilalagay sa napakasakit na mga sitwasyon, sa pakikipaglaban sa iglesia ng Dios, at disiplinahin sa isang paraan na ang kaaway ay papasok sa iyong lupain at lilipulin ka. * Magsisi bago mangyari ang gayong mga bagay, para maibalik ka ng Dios, at hindi mo kailangang mahulog sa iba pang mga problema at sakuna. Ang Dios sa Kanyang awa ay ipinadala ang Salitang ito sa Kanya sa iyo upang ibalik ka sa kanya.

Matapos ang karanasang iyon ay natutuhan ni David ang isang magandang aral, at nagsimulang ipamuhay ang tamang daan sa kanyang buhay tulad ng mababasa natin dito sa sumusunod na mga Banal na Kasulatan:

***"1 At nangyari, pagkatapos nito, na nagusisa si David sa Panginoon, na nagsasabi, Aahon ba ako sa alinman sa mga bayan ng Juda? At sinabi ng Panginoon sa kaniya, Umahon ka. At sinabi ni David, Saan ako aahon? At kaniyang sinabi, Sa Hebron. 2 Sa gayo'y umahon si David doon, at pati ng kaniyang dalawang asawa, si Ahinoam na taga Jezreel, at si Abigail na asawa ni Nabal, na taga Carmelo. 3 At ang kaniyang mga lalake na kasama niya ay iniahon ni David bawa't lalake na kasama ang kanikaniyang sangbahayan: at sila'y nagsitahan sa mga bayan ng Hebron." (2 Samuel 2:1-3 KJV)*** Alam ni David na mali ang kanyang kinalalagyan kaya nagtanong siya sa Panginoon. Pinabalik siya ngayon ng Dios sa lupain ng Juda sapagkat hindi siya sinabihan ng Dios na iwanan ito. Partikular din siyang pinatnubayan ng Dios kung saang lungsod siya kailangang pumunta at manatili. Panahon na para sa iyo ngayon na magpakumbaba sa harap ng Dios at sa Kanyang simbahan at matutong pamunuan ang iyong buhay sa takot sa Panginoon. Panahon na para magsisi ka at tumalikod sa iyong sariling mga lakad at bumalik sa kung ano ang inorden ka ng Dios na gawin at sa lugar na dapat mong maging.

Nang matutong matakot ni David sa Dios, nagsisi at bumalik sa lugar na nais ng Dios na siya ay maparoon, siya'y ginagantimpalaan at pinahiran ng langis bilang hari sa sambahayan ni Juda, ***"4 At nagsiparoon ang mga lalake ng Juda, at kanilang pinahiran ng langis doon si David upang maging hari sa sangbahayan ng Juda. At kanilang isinaysay kay David, na sinasabi, Ang mga lalake sa Jabes-galaad ay siyang naglibing kay Saul." (2 Samuel 2:4 KJV)*** Si David nang magtanong siya sa Dios, inutusan siya ng Panginoon na humayo at manirahan sa Hebron at doon isinugo ng Dios ang mga matatanda sa Juda upang pahiran siya bilang hari. Napakalinaw na kung naghintay lang si David sa Dios at hindi niya ginawa ang kagustuhan niya at nagpunta sa lupain ng mga Filisteo, ang Panginoon mismo ang mag aalis kay Saul at papalit sa kanya tulad ng ginawa Niya sa huli. Ganoon din para sa iyo ngayon kung nakinig ka sana sa Dios, kung gayon ay walang gaanong mga kaguluhan o problema. Ngunit bilang nagsisi ka sa gayo'y ang pagpapanumbalik ay nasa daan.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Huwag mo na sana gawin ang pansarili mo at gawing doble ang trabaho mo. Huwag mong sabihin na hindi Ko naiintindihan ang iyong sitwasyon at kung ano ang iyong pinagdadaanan. Ganoon pa rin ang solusyon, kailangan mong bumalik sa Dios at sa Kanyang simbahan at magsisi at kilalanin ang kawalang kabuluhan ng iyong sariling mga paraan, upang sama sama nating marinig ang tinig ng Dios at gabayan ka na gawin ang kalooban ng Dios, at mabawi ang iyong mga pagkalugi. Lumapit sa Dios at lumapit sa Kanya upang Siya ay lumapit sa iyo.
Tayo ay manalangin.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalait sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita sa mensaheng ito na napagtanto ko ang pinagmulan ng gulong kinalalagyan ko.*

*Talikuran at pagsisihan ang lahat ng iyong mga kasalanan. Magsisi sa kasalanan ng kapalaluan, paggawa ng sariling kalooban, pagiging malaya at hindi handang magpakumbaba at lumapit at humingi ng tulong at payo sa simbahan. Panginoon nagsisisi ako sa paggawa ng aking sariling kalooban at plano, at sa pagtitiwala sa aking sarili at hindi pag asa sa iyo. Panginoon patawarin mo ako sa mga sumusunod na kasalanan ___________________________, pinagsisisihan ko ang lahat ng ito.*

*Panginoon ako ay umiiyak sa iyo, tulungan mo ako at ilabas mo ako sa mga sumusunod na problema __________________. Panginoon kaawaan mo ako at iligtas ako at ilabas mo ako sa hukay na kinahuhulugan ko.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili sa mga alituntunin na natutunan ko mula sa mensaheng ito. Lord Ipinangako ko ang aking sarili na pumunta sa simbahan mo, at humingi ng payo sa bawat mahirap na pagpapasya at kumilos na kailangan kong gawin. Panginoon inilagay ko sa iyong kamay ang sumusunod na problema ________________________, Panginoon tulungan mo ako at bigyan mo ako ng tamang pagpapasya na gawin.*

*Panginoon salamat sa lahat ng mga kapatid ko na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at nagpakumbaba at bumalik sa iyo at sa iyong simbahan. Panginoon maawa kayo sa kanila; ibalik sa kanila ang lahat ng kanilang mga pagkalugi, bigyan sila ng pakiramdam ng direksyon, bigyan sila ng lakas at magpadala ng mga tamang tao na kasama nila upang tulungan sila sa mga problema na inilagay nila ang kanilang sarili. Panginoon panumbalikin sila sa tamang landas at tulungan sila sa kanilang buhay sa gayo'y makabalik sila sa plano mo para sa kanila. Panginoon protektahan sila at ibigay ang kanilang pangangailangan at tulungan sila sa kanilang buhay, at alalayan silang makalabas mula sa mga kaguluhan na ipinaloob nila ang kanilang sarili.*

*Panginoon pagpalain kami bilang simbahan at tulungan kaming magpatuloy na ituro at ipangaral ang iyong Salita sa gayo'y maliwanagan ang mga tao at magawang manumbalik sa iyo. Panginoon tulungan kami na manindigan laban sa lahat ng gawa at pagsalungat ng diablo at sinasaway namin ang mga ito sa pangalan ni Jesus. Panginoon patnubayan kaming payuhan ang iyong bayan ng iyong kalooban at ibalik sila pabalik sa iyong daan na itinakda mo para sa kanila na pagdaanan. Panginoon protektahan sila at ibigay ang lahat ng aming pangangailangan para patuloy na maglingkod sa iyo. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming buhay upang magpatuloy at maglingkod sa iyo, mag evangelio, gumawa ng bagong mga alagad, magsanay ng bagong mga mangggagawa, at magtanim ng bagong pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami at palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan nin Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com